



Tungkol sa Kalusugan

Lipodystrophy

Ano ang lipodystrophy?

Ang lipodystrophy ay tumutukoy sa abnormal na pagbabago sa hugis ng katawan at abnormal na pagdami ng taba at sugar sa dugo na kadalasang nangyayari sa mga taong may HIV/AIDS.

Ang mga palatandaan at sintomas ng lipodystrophy ay nagtataglay ng:

- Mga pagbabago sa hugis ng katawan (fat redistribution): may mga taong nadaragdagan ang dami ng taba sa tiyan, sa dibdib (sa mga babae) o kaya ay sa balikat at sa likod ng leeg (buffalo hump).
- Pagkawala ng taba (lipoatrophy): mayron namang mga tao na nawawalan ng taba sa ilalim ng balat, kadalasa'y sa mukha, braso, binti o pigi. Ito'y nagiging sanhi ng pagkahumpak ng pisngi at pamamayagat ng mga braso at binti.
- Pagtaas ng taba sa dugo: May dalawang uri ng taba sa dugo: triglycerides at kolesterol. At ang kolesterol ay nahahati sa dalawa, ang mainam (HDL) at masamang (LDL) kolesterol. Kapag nagka lipodystrophy, ang bilang ng triglycerides, o masamang kolesterol (LDL-cholesterol) at kabuuan ng bilang kolesterol ay maaring tumaas. Ang mataas na bilang nito sa dugo ay nagpapalapit sa panganib na magkaroon ng sakit sa puso, diabetes, strokes at pancreatitis.
- Pagtaas ng sugar (glucose) sa dugo: Ang bilang ng sugar sa katawan ay pinananatili ng hormone na insulin. Kung minsan, ang lipodystrophy ay nagiging sanhi ng pagpalya ng insulin (insulin resistance). Ito'y nagpaparami ng glucose sa dugo. Sa paglaon ng panahon, ang mataas na bilang ng sugar sa dugo ay nagpapataas sa panganib na magkaroon ng diabetes.

Ano ang pinanggagalingan ng lipodystrophy?

Maraming bagay ang nauugnay sa pagkakaroon ng lipodystrophy. May ilang haka-haka at kaisipang naiiaalay na siyang mga sanhi ng lipodystrophy:

Ang nagagawa ng gamot laban sa HIV:

- May mga katunayang nakita na ang panganib na magka lipodystrophy ay nadadagdagan habang tumatagal ang paggamit ng gamot laban sa HIV.
- Ang paginom ng mga Protease Inhibitors ay kadalasang kaugnay ng pagtaas ng taba sa dugo at ganundin ang mga pagbabago sa katawan gaya ng pagkaipon ng taba.
- Ang Reverse Transcriptase Inhibitors naman, (RT Inhibitors, Nukes) lalo na ang d4T (stavudine, Zerit), at paminsan-minsan ang ddI (didanosine), ang kadalasang naiuugnay sa pagkawala ng taba.
- **Ang nagagawa ng HIV:** May mga abnormal na pagbabago sa taba sa katawan na maaaring mismong sanhi ng HIV. Napag-alamang ang mga PHA ay mas mataas ang bilang ng triglycerides sa dugo pag nai-kumpara sa mga walang HIV. Mayroon ding mga tagapanaliksik na naniniwalang ang pagka-imbalance ng immune system dahil sa HIV ay nagbibigay daan din sa lipodystrophy.



Gaano kapanganib ang lipodystrophy?

Bagama't ang lipodystrophy ay hindi nakakamatay ito'y nagdadala rin ng malaking problema.

- Ang mataas na bilang ng taba sa dugo ay magpapalaki ng panganib na magkaroon ng sakit sa puso at diabetes.
- Ang diabetes naman ay maaaring magdala ng problema sa ibang parte ng katawan gaya ng paghina ng apdo, at pagkasira ng mga nerves at pati na ng paningin.
- Ang pagbabago ng taba sa katawan ay lubos na nakababagabag sa pangangatawan emosyon, at pakiramdam. Maaring maapektuhan nito ang pagpapasiyang magpatuloy ng paggagamot.

Magagamot ba ang lipodystrophy?

May ilang mga panggamot ang kasalukuyang sinusubukan para malunasan ang iba't-ibang problemang nauugnay sa abnormal na pagbabago ng taba sa katawan. Karamihan sa mga ito ay pinag-aaralan pa lamang at maaaring may mga side effects, kaya tiyaking naikunsulta sa doktor o parmasyutika bago ito subukan.

Plastic Surgery:

Ang mga fat deposits ay maaaring hiwain o alisin sa pamamagitan ng operasyon, kaya'y sa pamamagitan ng liposuction. Gumagamit ng implants ng taba o substitute sa taba (tulad ng collagen) sa humpak na pisngi. Ang mga paraang ito ay magastos, maaring gumana lamang sa maikling panahon at may mga panganib na dala.

Pagpapalit ng mga gamot:

Sa dahiling ang PI ay kadalasang nauugnay sa lipodystrophy marami sa mga PHA na mayroon nito ang nagsubok na gumamit ng ibang uri ng gamot sa HIV, (kadalasan ay sa mga non-nukes o NNRTIs). Ganunpaman, kahit na bumaba ang taba sa dugo, ang epekto sa pagbabago ng hugis ng katawan ay hindi pa tiyak.

Mga gamot:

- Ang mga gamot na pampababa sa taba tulad ng pravastatin (Pravachol), rosuvastatin (Crestor), at atorvastatin (Lipitor) ay ginagamit para pababain ang kolesterol at triglyceride. Ang ilan sa mga gamot na ito ay maaaring mag-interact sa mga gamot laban sa HIV at ang dosage ay kailangang isa-ayos.
- Ang Metformin (Glucophage) at rosiglitazone (Avandia) ay ginagamit para panatilihing mababa ang glucose level at maiwasan o gawan ng paraan ang insulin resistance.
- Ang mga hormones tulad ng anabolic steroids, human growth hormone (Serostim), o testosterone ay ginagamit para sugpuin ang ilan sa mga pag-iiba ng hugis ng katawan dahil sa lipodystrophy. Nakapagpapadagdag ang mga gamot na ito ng muscle sa katawan at napapalitan ang nawalang kalamnan. Subalit may mga side effects ang mga hormonal therapies na ito kung gamitin ng matagal gaya ng pagkawala naman ng taba. Maaring magmukhang mas malubha ang lipodystrophy dahil dito.



Dieta at Ehersisyo

May mga pag-sasaliksik na nagpakitang ang dietang mababa sa taba at mayaman sa fibre, katu-long ng dagdag na pag-e-exercise ay nagpapababa sa bilang ng taba sa dugo at pagbabago ng hugis ng katawan. Mainam na bawasan ang pag-inom ng alak dahil sa ito'y nagpapataas ng bilang ng triglycerides. Dahil sa sinuman ay magkakaroon ng biyaya sa pagkakaroon ng malusog na dieta at pag-eehersisyo, mabuting kumunsulta sa isang nutritionist at sa iyong doktor para mapabuti ang iyong pagkain at pagkilos.

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.